GENERAL EDUCATION CENTER
OFFICE OF THE VICE CHANCELLOR FOR ACADEMIC AFFAIRS
**UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES DILIMAN**
DILC Building, R. Magsaysay Avenue, UP Diliman, Quezon City 1101
+632 9285107 or +632 9818500 local 2583 | ovcaa.upd@up.edu.ph

**MEMORANDUM NO. GEC-OVCAA-NAKG 22-016**

**SA** : LAHAT NG DEKANO, DIREKTOR AT PINUNO NG MGA AKADEMIKONG YUNIT
LAHAT NG GE FACULTY

**SA PAMAMAGITAN NG OPISINA NI** : **MA. THERESA T. PAYONGAYONG, Ph.D.**
Bise-Tsanselor para sa Gawaing Akademiko

Kimuell-Gabriel Nancy Adriano
Digitally signed by Kimuell-Gabriel Nancy Adriano
Date: 2022.04.05 11:27:02 +08'00'

**MULA SA OPISINA NI** : **NANCY A. KIMUELL-GABRIEL, Ph.D.**
Direktor

**TUNGKOL SA** : Imbitasyon para sa *Teach Talk How to Teach and Manage your Gen Z Class Webinar* (Wika, Kultura, at Lipunan Edition)

**PETSA** : 31 Marso 2022

---

***Mainit na pagbati!***

Malugod pong ipinararating sa lahat na tayo ay nasa ika-pitong serye na ng ***LINANGAN: The GE Faculty Development Extension Program.*** Matagumpay po ang pagsasagawa ng nakaraang anim na webinar ng General Education Center (GEC) at ang mga ito'y dinadaluhan ng humigit 2,000 *GE faculty* mula sa UP CUs, iba't ibang *state universities and colleges* (SUCs), *local universities and colleges* (LUCs), *private and special higher education institutions* (HEIs), at iba pang mga institusyon.

Kaugnay nito, magalang po naming hinihiling ang pag-endorso ng inyong opisina sa **Teach Talk: How to teach and manage your Gen Z class Webinar (Wika, Kultura, at Lipunan Edition)** para sa mga GE faculty**.** Ito ay gaganapin sa 22 Abril 2022 (Biyernes), 9:00 AM – 12:00 NN *via* Zoom, YouTube, at Facebook. Kalakip ng Memorandum na ito ang *publication materials* na maaaring isama para sa pag-endorso at malawakang diseminasyon.

Sa mga susunod na buwan, tatlo pang webinars ang isasagawa hanggang Hulyo 2022. Sa pakikipagtulungan sa mga rehiyonal na opisina ng CHED, UP CUs, at mga HEIs sa Pilipinas, inaasahang marami pang makadadalong mga guro upang payabungin pa ang pagtuturo at pag-aaral ng GE.

Para sa mga katanungan at iba pang alalahanin, maaaring makipag-ugnayan sa gec_ovcaa.upd@up.edu.ph o kay Czarina Duka sa crduka@up.edu.ph at +639952775733.

Maraming salamat po.